Para sa mga Nanay at Tatay sa Kanagawa Prefecture

Kanagawa Prefecture




Suporta mula pagbubuntis hanggang panganganak, pati sa pag-aalaga ng bata

## Digital Maternal and Child Health Handbook

# “Boshimo”




Madaling pagpapabakuna! Makakagawa rin ng talaan ng paglaki! May impormasyon din sa inyong komunidad!

## Maternal and Child Health Handbook app na konektado sa inyong komunidad

App na madaling gamitin na makakatulong sa pagpapalaki ng anak na naka-link sa "MY ME-BYO Record"- isang app para sa pangangasiwa ng kalusugan ng Kanagawa Prefecture

**Madaling pagpapabakuna!**

### Magiging madali ang "mahirap"

Hindi na magiging problema ang kumplikadong pag-iiskedyul ng pagpapabakuna dahil sa kakayahang awtomatikong makita ang tamang petsa ng pagpapabakuna base sa petsa ng kapanganakan.

**Gumawa din ng talaan ng paglaki!**

### Masayang pagpapalaki ng anak kasama ang lahat

Maari niyong ibahagi sa inyong pamilya ang talaan ng paglaki ng inyong anak, at sama-samang tingnan ulit ito.

**May impormasyon din sa inyong komunidad!**

### Konektado sa inyong komunidad.

Madali itong gamitin upang makatanggap ng impormasyon sa pag-aalaga ng anak at impormasyon mula sa lokal na pamahalaan sa inyong komunidad.

I-search ang app | 母子モ | boshimo

o

I-search gamit ang QR code | Download on the App Store | GET IT ON Google Play

**Maaring ding magamit sa ibang wika! Suportado ang 12 wika tulad ng English, Chinese, Spanish, atbp.**

*Ang serbisyong ito ay gumagamit ng website translation tool ng Google. Suriin ang Mga Tuntunin ng Serbisyo ng Google kung gagamit ng serbisyo ng Google Translate.


Ang Apple at Apple logo ay mga trademark ng Apple Inc. na nakarehistro sa Estados Unidos at iba pang mga bansa. Ang App Store ay isang service mark ng Apple Inc. Ang Google Play at Google Play logo ay mga trademark ng Google LLC.


### 1 Buksan ang app




Pagbukas ng app, piliin ang [Use in foreign language].


### 2 Piliin ang wikang nais niyong gamitin




Piliin ang [Use in foreign language].
I-rehistro ang inyong account matapos piliin ang wikang nais niyong gamitin mula sa [言語を選択].


*Ang pag-sign in gamit ang Apple ay magagawa lamang sa mga iOS device.

### 3 I-rehistro ang inyong profile




I-rehistro ang postal code ng inyong lugar ng tirahan. Maaari nang makatanggap ng impormasyon sa inyong komunidad tungkol sa pag-aalaga ng anak.

### 4 I-rehistro ang impormasyon ng inyong anak




Sa pagrehistro ng impormasyon ng inyong fetus o anak, mabibigyan kayo ng impormasyong angkop sa kanyang paglaki.

*Ito ay suplemento lamang sa nakalimbag na Maternal and Child Health Handbook, at ang nakalimbag sa papel na bersyon ang kinakailangang dalhin tuwing check-up at pagbabakuna.
*Ang serbisyong ito ay pinapatakbo ng MTI Ltd., ang nagpapatakbo ng “Luna Luna”, na kinomisyon ng Kanagawa Prefecture.

# Ito ay isang app na konektado sa komunidad at sumusuporta sa panatag na pagpapalaki ng anak

Madaling pagpapabakuna!

Maraming gagawin kaya mahirap!
Ang ganitong pag-aalaga ng bata ay gagawing mas madali.
**Kahit na ang pagbabakunang matrabaho at madaling makalimutan ay madaling mapapangasiwaan kung gamit ang smartphone!**

May impormasyon din sa inyong komunidad!

Madali kayong makakatanggap ng impormasyon tungkol sa inyong komunidad
**Ang pagpapalaki ng batang puno ng pagkabahala ay magiging panatag dahil may impormasyon tungkol sa pag-aalaga ng bata sa inyong komunidad.**

## Awtomatikong Pagpapakita ng Pinakamagandang Petsa ng Pagbabakuna

Hindi kinakailangan ang kumplikado at matrabahong pagsasaayos ng iskedyul! Depende sa petsa ng kapanganakan at aktwal na petsa ng pagbabakuna, awtomatikong kinakalkula ang susunod na pinakamagandang panahon ng pagbabakuna.

## Function na Notification ng Araw ng Pagpapabakuna

Kapag papalapit ang nakatakdang petsa ng pagbabakuna, ipapaalam sa iyo nang maaga sa pamamagitan ng push notification! Panatag dahil hindi ninyo malilimutan ang iskedyul kahit na abala kayo araw-araw.




## Pamamahagi ng Impormasyon tungkol sa Inyong Komunidad

Hindi mapapalampas ang mga impormasyong makakatulong sa pagpapalaki ng anak! Maaring makatanggap ng impormasyon tungkol pag-aalaga ng bata at pang-araw-araw na pamumuhay tulad ng mga reading event sa inyong lugar ng tirahan.




## Madaling Paghahanap ng mga Pasilidad para sa Pagpapalaki Anak sa Lugar ng Inyong Tirahan

Hindi mamomroblema sa paghahanap ng pasilidad! Maaring maghanap ng mga pasilidad na kinakailangan sa pag-aalaga ng anak tulad ng mga ospital na malapit sa inyong lugar ng tirahan.

Makakagawa rin ng talaan ng paglaki!

## Kasama ang talaan ng paglaki, maaari niyo ring masayang itala ang inyong pang-araw-araw na mga alaala!



Selebrasyon ng mga Nagawa



Graph ng Tangkad/Timbang



Pagbabahagi sa pamilya


Araw-araw ay selebrasyon ng kahit anumang nagawa! Maaring mag-upload ng mga "Nagawa" ng inyong anak na may kasamang litrato tulad ng "Paglalakad nang nakahawak".

Madaling maitatala ang timbang sa pagbubuntis at ang paglaki ng anak at ang mga ito ay awtomatikong ginagawang graph! Maaring makita sa isang tingin ang paglaki ng inyong anak.

Maaring ibahagi ang talaan ng paglaki ng inyong anak at kasama ang tatay, lolo, at lola, ay mababantayan ang kanyang paglaki.

**Pag-link sa app para sa pangangasiwa ng kalusugan ng Kanagawa Prefecture na "MY ME-BYO Record"**
**~ Kahit ang mga health record pagkatapos ng elementarya ay patuloy na madaling mapapangasiwaan gamit ang app! ~**

Ang datos na ipinasok ay awtomatikong masasalamin sa app para sa pangangasiwa ng kalusugan ng Kanagawa Prefecture na "MY ME-BYO Record". Maaring pangasiwaan ang pagtatala ng mga gamot at allergy ng inyong anak, at magagamit para sa pangangasiwa ng kalusugan ng inyong minamahal na anak.




I-search sa Boshimo!
boshimo Search

Para sa web version
URL : https://www.mchh.jp

Magagamit ang boshimo sa iba't ibang wika!
Maaring gamitin ang web version para sa mga hindi makakagamit ng app.

Para sa mga katanungan MTI Ltd. Contact Center E-mail boshi_info@cc.mti.co.jp

Kanagawa Prefectural Government General Administration Bureau Digital Strategy Headquarters Office